Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-37 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA MT. FUJI JAPANESE RESTAURANT, TABANG GUIGUINTO, BULACAN, NOONG IKA-27 NG MARSO, 2023.
MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 22-2023**

**ISANG PANUKALANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGREREGULA SA PAGGAMIT NG MGA *BARANGAY AMBULANCE*, *BARANGAY PATROLS* AT IBA PANG SASAKYAN O BEHIKULO NA PAG-AARI NG PAMAHALAAN SA MGA BARANGAY SA LUNGSOD NG MALOLOS, PAGBIBIGAY KAPARUSAHAN AT IBA PANG LAYUNIN NITO.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KAMAY-AKDA SINA: KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA, KGG. EMMANUEL R. SACAY AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** isinasaad ng Artikulo II, Seksyon XV ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987 na dapat itaguyod at pangalagaan ng Estado ang karapatan at kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang pangkalusugan sa kanila;

**SAPAGKAT,** isa sa mga mahahalagang serbisyong pangkalusugan sa paghahatid ng mga pasyente bago at pagkatapos lumabas sa ospital ang ibinibigay na serbisyo ng mga ambulansya. Ito ay idinisenyo upang maghatid ng mga taong sugatan o mga taong nasa kritikal ng sitwasyon;

**SAPAGKAT,** kung wala namang ambulansiya ang mga barangay, ang mga barangay patrol at iba pang gamit behikulo ng barangay ang maaaring magbigay ng serbisyon sa mga taong nangangailangan ng tulong at reresponde sa mga lugar na kinakailangan ng mabilisang aksyon;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng sariling *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* ng mga barangay sa Lungsod ay magiging malaking tulong para sa bawat isang Maloleño na walang kakayahan na mag-arkila ng mga sasakyan para sa kanilang emerhensya;

**SAPAGKAT,** ang paggamit ng mga ito ay nararapat lamang na maregula upang hindi magamit sa personal na pangangailangn at upang maging libre o available kung sakali mang nasa oras ng kagipitan o emergency ang mga residente ng barangay;

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI · KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI · KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI · KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI · KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI · KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI · KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI · KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI · KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI · KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI · KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT,** ipinagtibay na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. - PAMAGAT** - Ang Ordinansang ito ay kikilalanin bilang ***"Regularization of Barangay Ambulance, Barangay Patrols and other Barangay Vehicle Ordinance in the City of Malolos".***

**SEKSYON 2. - DEKLARASYON NG POLISIYA -** Ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay idinideklara na ang karapatan ng mga tao sa kalusugan at kaligtasan ay dapat na protektahan at isulong. Kaugnay nito, nararapat na ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang dapat na magbigay ng pinakamabilis na tulong na maaaring iserbisyo sa bawat isang Maloleño;

**SEKSYON 3. - KAHULUGAN NG MGA TERMINO.**

- ***GOVERNMENT AMBULANCE*** – isang uri ng sasakyan na idinisenyo upang magbigay ng agarang tulong o *first aid* sa mga taong sugatan o nasa kritikal na kondisyon at magdala ng mga pasyente sa isang ospital o *medical facility.* Naglalaman ng mga *emergency life-saving devices* at iba pang kagamitan. Ang ganitong uri ng sasakyan ay binili gamit ang pondo ng gobyerno o isang donasyon upang magamit ng gobyerno.
- ***BARANGAY PATROLS*** – isang uri ng sasakyan na ginagamit ng mga barangay upang magpatrol, dumulog sa mga gipit na pangangailangan ng mga residente at magbigay serbisyo sa mga Maloleño.
- ***BARANGAY VEHICLES*** – iba pang uri ng behikulo na pagmamay-ari ng Pamahalaang Barangay;

**SEKSYON 4. - RESPONSIBILIDAD NG MGA PUNONG BARANGAY** - Ang may responsibilidad sa mga *barangay ambulance, barangay patrol at iba pang barangay vehicles* ay ang Punong Barangay, tungkulin nila na:

a. Tungkulin ng Punong Barangay na ipadala ang *Barangay Ambulance, Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* sa mga residenteng gipit na nangangailanan nito ng walang anumang pag-antala o delay.
b. Tungkulin ng Punong Barangay na magtalaga ng isang regular na drayber sa kanilang *Barangay Ambulance, Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles*. Panatilihin ang sapat na gasolina nito kasama ang pagmimintina ng ambulansya at patrol kada taon.
c. Sa oras na ang Punong Barangay ay diskwalipikado o naalis sa posisyon o kung wala na sa serbisyo, ang kustodiya ng *Barangay Ambulance, Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* ay nararapat na ilipat sa pamamahala ng mayroong awtoridad sa Barangay sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa huling araw niya sa opisina.

**SEKSYON 5. - DONASYON PARA SA BARANGAY -** Ang anumang uri ng donasyon mula sa mga pribado o pampublikong sektor para sa Barangay ay kinakailangang itala sa *Book of Properties* o *Book of Accounts* ng Pamahalaang Barangay bilang pagpapatunay ng *'Deed of Donation'*;

**SEKSYON 6. - MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN** - Ang mga sumusunod at mahigpit na ipinagbabawal:

a. Ipinagbabawal para sa kahit na sinong opisyal o kawani ng barangay na gamitin ang *Barangay Ambulance, Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* bilang kanilang *service vehicle* o gamitin ang mga ito sa mga personal na pangangailangan.

KGG. PATRICK E. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

b. Ipinagbabawal para sa kahit na sinong opisyal o kawani ng barangay na gamitin ang *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* sa paghahatid ng mga pasyenteng wala sa emerhesiyang (*emergency*) kalagayan pwera na lamang kung mayroong available na ambulansya o patrol na reresponde sa ano mang uri ng emerhensiya o kung wala nang ibang paraan ng transportasyon;
c. Ipinagbabawal para sa kahit na sinong opisyal o kawani ng barangay na ipagamit o ipahiram ang mga *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* sa kahit sinong indibidwal o grupo para sa pribado nitong paggamit, bayaran man ito o hindi;
d. Ipinagbabawal para sa kahit sinong opisyal o kawani ng barangay na tumangging ipagamit ang *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* sa mga pasyente nasa emerhensya nang kalagayan; hindi pagpapagamit ng mga ito dahil sa diskriminasyon sa relihiyon, paniniwala, kasarian, estado ng buhay, o kaugnayan sa kahit sinong politiko;
e. Ipinagbabawal para sa kahit na sinong opisyal o kawani ng barangay na pinturahan ang mga *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* ng hindi naaayon sa disenyo na nararapat para sa mga nasabing behikulo;

**SEKSYON 7. - EKSEPSIYON SA MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN** - Ang mga probisyon sa Seksyon 5 ay hindi sasakupin ang mga sumusunod na paggamit sa mga *Barangay Ambulance*, *Barangay Patrol* at iba pang *Barangay Vehicles* sa oras na hindi naman emerhensiya :

*a. Medical Outreach Program;*
*b.* Iba pang aktibidad na mga kaugnayan sa *hospital operations;*
*c. Barangay Assessment* o *Barangay Benchmarking;*
d. At sa oras ng mga kalamidad.

**SEKSYON 8. - KAPARUSAHAN SA PAGLABAG** - Ang anumang mapapatunayang paglabag sa Seksyon 5 ng Kautusang ito ay paparusahan base sa mga sumusunod:

a. Unang Paglabag - Pagbibigay puna (*warning*) sa ginawang paglabag.
b. Ikalawang Paglabag - Tatlong Libong Piso *(₱ 3,000.00)*
c. Ikatlong Paglabag - Limang Libong Piso *(₱ 5,000.00*) at/o tatlong (3) buwang suspensyon.

**SEKSYON 9. - MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNING TAGAPAGPATUPAD *(IMPLEMENTING RULES AND REGULATION)*** - Ang Tanggapan ng Panlungsod na Tagapangasiwa, *City Legal Office*, at ang *City Health Office* ang magbabalangkas ng mga tuntunin at alituntuning tagapagpatupad o *Implementing Rules and Regulation* ng Kautusang ito.

**SEKSYON 10. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang Kautusang Panlungsod na umiiral at ipinatutupad na sumasalungat o di sumasang-ayon sa Kautusang ito ay ganap na pinawawalang saysay.

**SEKSYON 11. - TADHANAIN NG NAGPAPAWALANG-BISA** - Ang lahat ng mga ordinansa, resolusyon, kautusang tagapagpaganap, *memorandum circulars* at lahat ng parte na hindi nagtutugma sa ano mang probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o wastong binabago.

**SEKSYON 12. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO** KASANGGUNI
**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III** KASANGGUNI
**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA** KASANGGUNI
**KGG. MICHAEL M. AQUINO** KASANGGUNI
**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO** KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ** KASANGGUNI
**KGG. DIONISIO C. MENDOZA** KASANGGUNI
**KGG. DENNIS R. SAN DIEGO** KASANGGUNI
**KGG. EMMANUEL R. SACAY** KASANGGUNI
**KGG. VICTORINO M. ALDABA III** KASANGGUNI
**KGG. THERESE CHERYL B. OPLE** KASANGGUNI
**KGG. EDGARDO F. DOMINGO** KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
MAR 3 1 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03272023